ANG Bayan
Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo

Tomo LI Blg. 12
Hunyo 21, 2020
www.cpp.ph



EDITORYAL

# Mag-alsa at wakasan ang pahirap at pabayang rehimeng US-Duterte

Lalong lumalala ang dating di pagkakapantay-pantay sa lipunang Pilipino kasabay ng pagtalim ng mga kontradiksyon dahil sa militarista at anti-mamamayang pagharap ng rehimeng Duterte sa pandemyang Covid-19. Habang ang iilan ay nasa mga mansyon at palasyong malayo sa sakit, patuloy na nagkakamal ng yaman, nag-aabuso ng kapangyarihan at nabubundat sa pawis at dugo ng anakpawis, milyun-milyong mamamayan naman ang sadlak sa gutom at labis na karukhaan.

Humihiyaw ng katarungan ang bayan para sa lahat ng ginugutom, pinahihirapan, sinisiil at pinagkakaitan ng karapatan. Sa mahigit tatlong buwan ng mga palyadong hakbangin at patakaran, walang kaparis na pagdurusa ang dinanas ng sambayanang Pilipino.

Sa loob ng halos tatlong buwan, ikinulong ni Duterte ang buong bayan sa kanilang maiinit na bahay sa ngalan ng pag-iwas sa pagkalat ng bayrus. Pero ang sakripisyong ito ay winaldas lamang ni Duterte at kanyang mga heneral. Hindi sapat ang inilaang pondo para makaagapay ang sistemang pangkalusugan sa pandemya. Walang libreng *mass testing.* Walang libreng paggamot sa Covid-19. Palyado at atrasado ang pagtipon ng impormasyon, kaya bulag ang gubyerno kung saan-saan kumakalat ang bayrus.

Huling-huli na ngang dumating, kulang na kulang at madalas kinakaltasan pa ang pangakong ayuda. "Sarap ng buhay," sambit ng isang senador habang sila'y nagpipiging at umaapaw sa pagkain ang kanilang imbakan, pinagtiis ang bayan na mabuhay sa lugaw at sardinas kung meron man. Sinaklot ng gutom at pangamba ang mayorya ng mamamayang nabubuhay nang isang kahig-isang tuka. Ang mga kapit-sa-patalim na naghanap ng pagkakakitaan at makakain ay binansagang "pasaway," pinagdadadakip at buong lupit na pinarusahan.

Dahil walang malinaw na planong pangkalusugan para pangibabawan ang pandemya, ipinahinto ni Duterte ang lahat at tatlong buwang ipinasara ang malaking bahagi ng ekonomya. Milyun-milyon ang nawalan ng trabaho at kita. Nagkandawasak ang kabuhayan ng maliliit na negosyante. At nang ipag-utos na luwagan ang mga *lockdown* nitong Hunyo, ginawa ang lahat upang tumakbo muli ang negosyo ng malalaking kapitalista, habang pinabayaan ang masang anakpawis na animo'y sinumbatang "bahala na kayo!"

Habang malupit na pinasusunod ang mamamayan sa mga nakasasa-

kal na patakaran ng paghihigpit, maluwag namang nakahihinga at nakagagalaw si Duterte at ang kanyang mga bulok na upisyal.

Habang paroo't parito si Duterte sa Davao sakay ng pribadong eroplano, daan-daang libong mamamayan ang walang masakyan. Pinagtitiis silang mag-abang sa bangketa at mga kalsada, gutom at walang kaseguruhan kung kailan makasasakay o makauuwi. Sinong makalilimot kay Michelle Silvertino na namatay matapos ang limang araw na paghihintay ng masasakyan pauwi sa Bicol sa ilalim ng isang tulay sa Pasay?

Araw-araw, nagkakandarapang mag-unahan at magsiksikan ang mga manggagawa at empleyado dahil kulang na kulang ang masasakyang bus o tren. Dahil hindi inasikaso ang paghahanda ng ligtas at sapat na pangmasang transportasyon, libu-libo ngayon ang obligadong maglakad o magbisikleta araw-araw sa peligrosong mga haywey.

Kulang na kulang na nga ang sahod ng mga manggagawa, pinahintulutan pa ni Duterte ang malalaking kapitalista na kaltasan ito para diumano makabawi sila sa kanilang tubo. Hindi rin sila inobliga na ipailalim sa libreng pag-eeksamen ang mga manggagawa para tukuyin ang posibleng pagkahawa sa Covid-19.

Nagwawalambahala si Duterte sa gitna ng milyun-milyong nawalan ng hanapbuhay. Walang ginagawa upang agapan ang pagbulusok ng kanilang kabuhayan.

Habang pahihintulutang pumasada ang mga "modernong" dyip na pag-aari ng malalaking korporasyon, patuloy na pinagbabawalan ang daan-daan libong dyip ng maliliit na drayber at opereytor. Bingi si Duterte sa sigaw ng karaniwang mga drayber para sa subsidyo upang tiyaking ligtas na makabiyahe ang mga dyip, kahit pa ang totoo'y mas ligtas ang mga dyip at traysikel kaysa mga saradong sasakyan. Animo'y pinagsisisipa sila ni Duterte. Ang mga "hari ng kalsada" ngayo'y nagmamakaawa at namamalimos sa lansangan.

Habang nagkukumahog si Duterte na mag-angkat na naman ng tone-toneladang bigas sa mga bansang nagsusubsidyo ng produksyong agrikultural, kulang na kulang naman ang pondong inilaan para tulungan ang produksyon ng masang mga magsasakang Pilipino at bilhin ang kanilang produkto.

Milyun-milyon ngayon ang pineperwisyo at pinahihirapan ng kung anu-anong hinihingi ng pulis sa mga kumukuha ng *permit* para makabyahe o makauwi sa kanilang mga prubinsya o rehiyon.

Dahil tumatangging maglaan ng sapat na pondo para gawing ligtas na buksan ang mga paaralan (dagdag na mga paaralan, klasrum, mga guro, at iba pang imprastrukturang pang-edukasyon), ipinag-utos ni Duterte na walang idadaos na klase sa mga darating na buwan. Sa halip, idadaan na lang diumano sa *internet* ang pagtuturo, gayong wala naman itong inilalaang pondo at ipababalikat sa mga titser at estudyante ang gastos para sa mga kompyuter, *internet* at iba pang kagamitan.

Milyun-milyong kabataan ang nangangamba sa planong pagtataas ng matrikula ng maraming paaralan, habang kulang na kulang ang subsidyo ng estado sa edukasyon. Biktima rin sila ng arbitraryong paghihigpit laban sa mga 16-21 taong-gulang na lumabas para maghanap ng trabaho o pagkakakitaan at lumahok sa iba't ibang aktibidad panlipunan.

Sa halip na bawasan ang sobrang laking gastos sa mga di produktibo proyektong pang-imprastrukturang pinondohan ng dayong pautang, ang bilyun-bilyong pisong sikretong badyet pang-intelidyens, ang daan-daang bilyong pisong pambili ng mga helikopter, mga bomba at kagamitang pandigma, pinili ng rehimeng Duterte na mangutang nang mangutang upang tustusan ang mga gastusin sa panahon ng pandemya.

Ang bigat ng pasanin ng pagbabayad-utang ay tagibang na nasa balikat ng bayan. Sa halip na dagdagan, binabawasan pa ng rehimeng Duterte ang buwis sa mga bilyunaryong malalaking kapitalista; at balak na ipasa ang bigat sa mga karani-

*"Mag-alsa...," sundan sa pahina 3*

ANG Bayan

Tomo LI Blg. 12 | Hunyo 21, 2020

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloco, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Tumatanggap ang *Ang Bayan* ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan.

instagram.com/prwcnewsroom

@prwc_info

cppinformationbureau@gmail.com

## Nilalaman

**Editoryal:** Mag-alsa at wakasan ang pahirap at pabayang rehimeng US-Duterte 1
Sino si Michelle Silvertino? 3
Opensiba ng BHB-Mindoro 3
"Hindi ito rali, isa itong mañanita" 4
16 kabataan, inaresto sa Iligan 5
Tagapagtatag ng CPA, iligal na inaresto 5
Mga barkong pandigmang US at China 6
Milyong OFW, istranded sa ibang bansa 7
Remitans, nakatakdang bumagsak 7
Kontra-mahirap na plano sa edukasyon 8
88th IB, pinalalayas ng mga Lumad 9
Lider-magsasaka, pinagbabaril sa Bukidnon 9
Pinakamataas na tantos ng disempleyo 10
Daanlibong propesyunal, nagdurusa 10
Ang pagsibol ng rebolusyon sa Niyog 11
Sunud-sunod na BKP, inilunsad sa Bikol 12
200 dumalo sa kasal sa larangang gerilya 13
Pagpatay, pang-aaresto at pang-aatake 13
Martsa sa US 14
Protesta sa Chile, Lebanon, Hong Kong 14
Hirap at dusa, pamana ni Danding 14

Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

"Mag-alsa...," mula sa pahina 2

wang kumikita. Kahit sandali at kahit kaunti, tumatanggi ang rehimen na ibsan ang mga pasaning buwis ng bayang naghihikahos.

Sa nagdaang tatlong buwan ng pandemyang Covid-19, lalong nalantad ang anti-mamamayang rehimeng Duterte sa pagtanggi nitong unahin ang interes ng bayan at pagprayoridad nito, sa halip, sa interes ng malalaking kapitalista at pagbubulsa ng malaking pondo ng bayan. Inamin ni Duterte mismo na siya ang nag-utos sa pagbili ng mga kagamitang sobra-sobra ang patong sa presyo. Dagdag dito, inuna niya ang Anti-Terror Bill, ang pagpapatahimik sa mga kritiko, at pagpapalakas sa kanyang pwersang militar sa hangaring sindakin ang bayan, sikilin ang demokrasya at panatilihin ang sarili bilang makapangyarihang diktador.

Sa nagdaang tatlong buwan, lalong kumulo ang dugo ng bayan at umipon sa kanilang dibdib ang sukdulang galit sa rehimeng Duterte. Unti-unti nilang iwinawaksi ang takot at ipinamamalas ang tapang at kahandaang lumaban.

Nasa sambayanang Pilipino ang lahat ng katwiran para mag-alsa at makibaka. Tungkulin ng buong bayan na magkaisa upang gamitin ang kanilang kapangyarihan at pangkasaysayang tungkuling itakda ang dapat na takbo ng lipunang Pilipino. Mabilis ngayong umiipon ang unos. Dapat sunggaban ang panahon at pagkakataon nang buong galit laban sa korapsyon, pagpapabaya, pasismo at pagtatraydor ng rehimeng Duterte at wakasan ang kanyang diktadura. AB

## Sino si Michelle Silvertino?

Isa si Michelle Silvertino sa milyun-milyong Pilipinong nagpasyang maghanap ng trabaho sa ibang bansa para mabuhay ang kanyang pamilya. Nang hindi siya nakaalis, namasukan siya bilang kasambahay sa Metro Manila. Dahil ora-orada ang pagpataw ng *lockdown* sa Metro Manila, hindi siya nakauwi ng prubinsya. Nang magsimula nang luwagan ang pagbyahe, nagpasya siyang umuwi sa Bicol para makasama ang kanyang apat na anak.

Wala siyang nadatnang bus sa Cubao, Quezon City kaya tumuloy papuntang Pasay City para doon maghintay. Dahil sa arbitraryo at pabagu-bagong mga desisyon ng IATF, wala rin siyang naabutang bus doon. Dahil walang masakyan papunta kahit saan, sumukob siya sa ilalim ng tulay. Naubos ang kanyang pera at pagkain. Nagkasakit siya sa pangatlong araw, pero sa halip na ospital, dinala siya ng mga pulis sa presinto. Nang makitang may sintomas siya ng Covid-19, inilipat siya sa isang *barangay hall*. Dahil wala namang tao sa upisina, bumalik si Silvertino sa ilalim ng tulay. Namatay siya sa sumunod na araw (Hunyo 5) at ibinaon sa isang mababaw na libingan. Malinaw na namatay siya sa kriminal na kapabayaan.

Ilang kilometro mula kay Silvertino, mahigit 700 migranteng manggagawa at mga *locally stranded individual* (LSI) ang tumira din sa ilalim ng isang tulay malapit sa paliparan habang naghihintay ng byahe sa eroplano pauwi sa kani-kanilang mga prubinsya. Nagtiis sila sa kakarampot na pagkain at mga higaan. Nabigyan lamang sila ng atensyon at nailipat sa isang *evacuation center* matapos inulan ng batikos ang kapabayaan ng gubyerno.

Si Silvertino at ang 700 nanirahan sa paliparan ay ilan lamang sa higit 4.1 milyong naistranded na indibidwal na pinabayaan na lamang ng rehimen. Bukod sa limitado at mabagal na programa ng gubyerno para iuwi ang mga naipit na Pilipino, pinagkakaperahan pa sila sa napakaraming papeles at rekisito ang kinakailangang ihanda ng mga uuwi gaya ng sertipikasyon ng barangay, resulta ng tsek-ap at laboratoryong medikal, ID at *travel authorization* mula sa pulis. AB

### Mga sundalong perwisyo sa Mangyan, binigwasan ng BHB

SUNUD-SUNOD NA OPENSIBA ang inilunsad ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Mindoro laban sa Philippine National Police at mga pasistang sundalo ng 4th at 76th IB. Anim na operasyong haras ang isinagawa ng BHB-Mindoro sa mga bayan ng Mansalay, Bulalacao, Socorro ng Oriental Mindoro at Rizal, Occidental Mindoro noong Mayo 6 hanggang Mayo 18. Isa ang napatay at pito ang nasugatan sa mga pulis at sundalo.

Sagot ang mga opensibang ito sa pagpapalayas ng militar sa mga magsasaka at Mangyan sa mga bayan ng Rizal at Calintaan dahil sa mga operasyong kombat noong unang linggo ng Mayo. Higit 600 pwersang militar ang ipinakat dito at nagpusisyon ng mga kanyon sa Rizal.


Sa Negros Oriental, pinarusahan ng BHB ang isang elemento ng CAFGU noong Hunyo 11 sa Barangay Luz, Guihulngan City. Giya siya sa mga Operasyong Sauron ng 62nd IB at kasama sa mga pag-atake, iligal na pag-aresto at pagpatay sa masang magsasaka.

Noong Hunyo 16, dalawang ahenteng paniktik ng 94th IB ang inatake ng BHB sa Himamaylan City. Notoryus ang dalawa sa pambibintang sa mga sibilyan na "suporter ng BHB." Sa parehong araw, dalawang beses na pinaputukan ng BHB ang nag-oooperasyong mga sundalo sa Barangay Mahalang at Buenavista.

Sa Palawan, pinasabugan ng bomba ng isang yunit ng BHB ang detatsment ng 3rd Marine Brigade sa Barangay Magara, Roxas noong Mayo 22.

Protesta kontra Anti-Terrorism Bill

# "Hindi ito rali, isa itong mañanita"




Koordinadong mga kilos protesta na tinaguriang "mañanita" ang inilunsad sa Metro Manila at 14 na prubinsya bilang pagtutol sa Anti-Terrorism Bill noong Hunyo 12. Ang mga pagkilos ay harap-harapang paghamon sa idineklara ng Malacañang na bawal magrali. Tinawag itong mañanita para kutyain ang piging na isinagawa ng mga pulis ng National Capital Region para sa kanilang hepe na si Debold Sinas noong Mayo. Itinaon ng mga raliyista ang pagkilos sa ika-122 Araw ng Kalayaan. Kalakhan ng mga dumalo ay kabataan.

Sa loob ng kampus ng University of the Philippines (UP) sa Diliman, Quezon City, umabot sa 5,000 ang nagtipon sa isang "Grand Mañanita." Gaya ng pagdiriwang ng kaarawan, nagdala ang iba't ibang grupo ng mga *party hat*, lobo, pagkain at may ilan na gumawa pa ng *birthday cake* na may nakasulat na "Junk Anti-Terror Bill." May sayawan at kantahan, mga pahayag at kultural na pagtatanghal.

Ang rali sa UP ay pinamunuan ng Bagong Alyansang Makabayan (Bayan) at mga kaanib nitong organisasyong manggagawa, kabataan, kababaihan, manggagawang pangkalusugan, kawani, maralitang lunsod at iba pa. Lumahok din ang kilalang mga personahe ng Liberal Party at iba pang organisasyon, gayundin ang ilang mga kilalang artista at manggagawang pangkultura.

Ayon kay Neri Colmenares, tagapangulo ng Bayan Muna, mapanganib ang Anti-Terror Bill sapagkat magagamit ito laban sa ordinaryong mamamayan na pumupuna o naglalabas ng saloobin laban sa rehimen.

Bago magsimula ang pagtitipon, nagtayo ang pulis ng tsekpoynt sa UP para pigilan ang mga dadalo. Inasahan na ito ng mga raliyista kaya nakahanda ang mga tim ng abugado para sumalo sa mga aarestuhin. Nakahanda rin ang mga manggagawang pangkalusugan na nagtiyak na nasusunod ang mga hakbang para ligtas sa Covid-19 ang pagtitipon.

Tiniyak din ng mga nagprotesta ang panuntunang isang metrong pagitan sa bawat isa. Namigay ng mga *face mask, face shield* at alkohol. Nagtagal ang pagtitipon nang tatlong oras.

Binigyan-diin ng mga raliyista na habang ang rali ay laban sa Anti-Terror Bill, kasinghalaga ang pagpapanagot sa rehimen sa kainutilan nitong tiyakin ang kalusugan at kabutihan ng mamamayan sa gitna ng pandemyang Covid-19. Panawagan nila ang *mass testing*, *tracing* at *validation* ng mga kaso ng Covid-19, tiyakin ang ayuda sa mamamayan at itaguyod ang kalayaan at demokrasya.

Naging tampok sa rali ang talumpati ni Marie Dinglasan, isang ordinaryong manininda na nagpapahayag ng kanyang saloobing kontra-Duterte sa *social media*. Nakilala siya sa matapang na pagsagot sa mga "troll" ni Duterte na kumuyog at nag-akusa sa kanya na "suporter ng NPA." Patok din ang pagtatanghal ni Mae Paner, isang artista sa teatro, na gumanap bilang si Debold Sinas, at ang kolektibong pagsayaw sa at pagkanta ng awiting "Don't call me terorista" (Huwag mo akong tawaging terorista).

Bago ang Grand Mañanita, nagkaroon ng mga pagkilos sa loob ng De La Salle University sa Maynila at sa loob ng komunidad ng San Roque sa Barangay Pag-asa, Quezon City.

Sa buong bansa, lumabas sa mga bahay at nagrali rin ang maraming grupong aktibista at kabataan laban sa Anti-Terror Bill.

**Baguio.** Isandaan ang nagprotesta sa harap ng UP Baguio. Bago nito, may 62 organisasyon ng kabataan ang pumirma laban sa Anti-Terror Bill sa pangunguna ng Youth

*"Hindi...," sundan sa pahina 5*

### Alam niyo ba?

ANG MAÑANITA ("maliit na bukas" sa wikang Espanyol) ay isang harana na inihahandog sa isang taong nagdiriwang ng kaarawan sa madaling araw o takipsilim ng naturang araw. Sa ilang bahagi ng Pilipinas, naging tradisyon ito ng simpleng pagtitipon ng pamilya ng nagdiriwang sa simula ng kaarawan. Isang partikular na haranang mañanita ang laganap na kinakanta ng mga Pulang mandirigma sa kanilang kapwa mandirigma sa Mindanao. Ang kantang ito, "Malipayong Adlaw," ay sinulat at pinalaganap ng Agaw-Armas.

"Hindi...," mula sa pahina 4

Act Now Against Tyranny-Baguio-Benguet noong Hunyo 3.

**Nueva Vizcaya.** Nagtipon ang mga kontra-mina at maka-kalikasang residente ng Didipio, Kasibu sa kanilang komunidad.

**Isabela.** Pinigilan ng mga pulis ang kabataan na magsagawa ng programa sa harap ng kanilang paaralan sa Santiago, Isabela. Sinabihan silang "kumuha na lamang ng piktyur" at agad na magdispers.

**Pampanga.** Limang aktibista ang sinundan at ininteroga ng mga ahente ng AFP pagkatapos ng kanilang programa sa Plaza Miranda, Angeles City.

**Albay at Naga.** Pinangunahan ng Youth Act Now-Albay ang protesta sa Pinaglabanan Monument, Legazpi City. Ayon kay Justine Mesias, tagapagsalita ng Youth Act Now, pinalalala lamang ng Anti-Terror Bill ng rehimen ang kalunos-lunos nang kalagayan ng mamamayan. Nakapaglunsad din ng protesta ang may 200 kasapi ng Anakbayan-Naga City at Bayan-Camarines Sur sa Plaza Quince Martires, Naga City.

**Negros.** Raling iglap naman ang isinagawa ng Bacolod Youth Alliance sa anim na lokasyon sa syudad—Rizal Freedom Park, Bacolod City Plaza, Fountain of Justice, San Sebastian Cathedral, istasyon ng ABS-CBN at sa harap ng tanggapan ni Cong. Greg Gasataya. Kasabay nito nagkaroon din ng pagkilos ang Paghiliusa, Liberal Party Negros at Federation of Urban Poor sa harap ng San Sebastian Cathedral bilang pagkundena sa Anti-Terror bill. Kinahapunan, nagkaroon ng katulad na protesta ang Bayan at Karapatan Negros sa harap ng Fountain of Justice, Bacolod City.

**Iloilo.** "Mañanita Kontra-Terorismo" ang isinagawa ng mga mag-aaral at guro ng UP Visayas, mga taong-simbahan at Commission on Human Rights Region 6 sa loob ng UP Visayas, Iloilo.

**Cebu.** Dahil sa pagkampo ng mga pulis sa harap ng UP-Cebu at pagtanggi ng administrasyon nito na kilalanin ang kalayaan ng mga mag-aaral na magtipon sa loob ng kampus, isang raling iglap na lamang ang ginawa ng mga progresibong organisasyon sa Gorordo Avenue at Escario Street sa Cebu, bandang ala-6 ng umaga.

**Davao.** Pinangunahan ng PASAKA Confederation of Lumad Organization ang programa sa UCCP Haran sa Davao City. Dumalo dito ang 500 bakwit at nagprotesta habang istriktong nagmamantine ng distansya sa isa't isa. Kinagabihan, nagsindi ng sulo ang mga lider Lumad bilang simbolo ng pagbibigay liwanag sa gitna ng kadiliman at tiraniya ng rehimeng Duterte at kung paano nito pinag-iinit ang alab ng paglaban ng mamamayan.

Ani Datu Minstroso Malibato: "Sa kabila ng pagsisikap namin bigyan ng edukasyon ang aming mga anak, marahas kaming sinusupil ng gubyerno sa pamamagitan ng pagpapasara sa aming mga paaralan at pamamaslang sa aming mga Lumad." Pagdidiin ng grupo, ang totoong terorista ay ang gubyerno ni Duterte.

**Butuan.** Nagkaroon din ng "mañanita" sa Freedom Park, Butuan City.

Nakiisa naman sa "Grand Mañanita" ang ibang mga grupo ng kabataan at abugado sa mga lunsod ng Cagayan de Oro, Dumaguete, Zamboanga at Bulacan. AB

## "Umiiyak pa rin ako..."

NAIIYAK PA RIN sa troma ang isa sa 16 na kabataang iligal na inaresto habang nagsasagawa ng mapayapang pagkilos sa Rotonda, Barangay Pala, Iligan City noong Hunyo 12.

Karamihan sa kanila ay dating mga mag-aaral ng Mindanao State University-Iligan Institute of Technology. Tapos na ang kanilang pagtitipon nang harangin sila ng mga pulis. Habang umiiwas, narinig nilang sumigaw ang isang pulis ng "pusila, pusila!" (barilin, barilin!). Sinakal ang isa sa kanila na nagtangkang magpaliwanag. Kinumpiska ang kanilang mga selpon at sapilitang silang dinala sa presinto. Doon, ininteroga, tinakot at malisyosong iniugnay sa Bagong Hukbong Bayan ang apat sa kanila. Napag-alaman ng kabataan ang lalim ng sarbeylans ng mga pulis sa kanilang mga aktibidad sa proseso ng interogasyon.

Pitong oras silang ibinimbin sa presinto bago sila mapalaya ng kanilang mga abugado. Bahagi ang kanilang pagkilos sa koordinadong "mañanita" laban sa Anti-Terror Bill.

## Tagapagtatag ng CPA, iligal na inaresto

INARESTO NG MILITAR at inilipat sa pamamagitan ng helikopter si Anne Margaret Tauli, 70, mula sa Besao, Mountain Province noong Hunyo 11. Ang biktima, na ilang dekada nang aktibista, ay dinala sa Baguio City kung saan iniharap siya kay National Security Adviser Sec. Hermogenes Esperon, Jr.

Pinalabas ni Esperon na "nagbalik-loob" si Tauli bilang umano'y mataas na upisyal ng Partido Komunista ng Pilipinas. Mariin itong pinasinungalingan ng pamilya ni Tauli.

Anila, matagal nang may banta sa buhay si Tauli dahil sa kanyang pagsusulong sa pakikibaka ng mamamayang Igorot para sa tunay na awtonomiya at sariling pagpapasya. Noong Marso, tinangka siyang arestuhin at mayroong utos na "shoot-to-kill" laban sa kanya.

Si Tauli, dating guro, ay isa sa nagtatag ng Cordillera People's Alliance noong 1984. Kinikilala siya bilang pinuno ng angkang Batil-ang Peypeyan. Ang kanyang kapatid na si Victoria Tauli-Corpuz, dating UN Special Rapporteur on the Rights of Indigenous Peoples, ay pinararatangan ding mataas na upisyal ng PKP.

# Pilipinas, pinalilibutan ng mga barkong pandigmang US at China

Matatagpuan ngayon sa silangan at kanlurang bahagi ng Pilipinas ang mga barkong pandigma ng US at China. Kapwa naggigirian ang mga ito. Tumataas ang tensyon at bantang sumiklab ang gera. Malaki ang peligro na malagay ang Pilipinas sa gitna ng armadong tunggalian ng dalawang kapangyarihang imperyalista.

Sa West Philippine Sea, permanenteng naka-istasyon ang mga barkong Coast Guard at "milisya" ng China. Naroon din ang di bababa sa pitong mga base at pasilidad militar ng China na ang iba'y itinayo sa mga lugar na saklaw ng teritoryo ng Pilipinas.

Sa Philippine Sea naman (sa silangan ng bansa), nag-iikot ngayon ang dalawang US *carrier strike group* (*armada* ng malalaki at mas maliliit na barkong pandigma) at mga submarino. Hindi nalalayo sa karagatan ng bansa nakatigil ang isa pang *warship*, ang USS Nimitz.

Mula Abril hanggang Mayo, sa gitna ng pandemyang Covid-19, nagmaniobra at kontra-maniobra sa South China Sea ang mga pwersang militar ng US at China. Noong kalagitnaan ng Abril, ipinakat doon ng China ang Haiyang Dizhi 8 na barkong pangsarbey ng mga yamang mineral sa dagat kasama ang isang kawan ng mga barkong *coast guard* at "milisya."

Tumaas ang tensyong militar sa lugar noong Abril 28-29 nang pinadala ng militar ng US ang USS Gabrielle Giffords, isang pandigmang barkong pambaybaying-dagat, para "magpatrulya" sa lugar. Lalo pang lumala ang tensyon noong Abril 29 nang pinalipad ng US sa South China Sea ang dalawang US Air Force B-1B Lancer, mga eroplanong naghuhulog ng bomba, na nagmula pa sa US.

Sa unang mga araw ng Mayo, pinadala naman ng US sa lugar ang dalawang barkong pandigma, ang USS Montgomery at USNS Cesar Chaves. Noong Mayo 8, dalawa pang eroplanong pambomba mula sa Guam ang lumipad sa South China Sea. Sa mga araw ding iyon, inihambog ng US Seventh Fleet na nakabase sa Japan, na tatlong submarino nito ang nasa Philippine Sea at nagsasagawa ng pag-eehersisyo.

Noong unang linggo ng Hunyo, ipinagmalaki ng US na tatlong *strike group* nito ang nagsasagawa ng mga operasyon sa kalawakan ng Indian Ocean at Pacific Ocean. Dalawa sa mga ito, ang USS Theodore Roosevelt *strike group*, at ang USS Ronald Reagan *strike group* (mula sa daungan nito sa Japan), na kapwa malalaking barkong de-nukleyar at nagdadala ng di bababa sa 10,000 tropa, ang kasalukuyang nasa Philippine Sea.

Dapat tuligsain ang mga maniobra at kontra-maniobra ng mga pwersang militar ng US at China sa mga karagatang sakop at nasa paligid ng teritoryo ng Pilipinas. Lahat ito'y nagpapatindi ng tensyon at nagtataas ng peligro ng kumprontasyon at pagsiklab ng tuwirang gera sa rehiyon.

Dapat tuligsain ang rehimeng Duterte na sunud-sunuran sa mga dikta kapwa ng mga imperyalistang US at China sa mga usapin sa militar, pulitika at ekonomya. Sa isang panig, bigo itong igiit ang karapatan sa teritoryo at ekonomya ng bansa na kinilala sa desisyon ng International Tribunal on the Law of the Seas noong 2017 nang hayaan nito ang China na magtayo ng mga pasilidad militar sa mga lugar na sakop ng bansa. Sa kabilang panig, patuloy na pinahihintulutan ni Duterte na gamitin ng militar ng US ang bansa bilang lunsaran para sa mga operasyon nito sa South China Sea at Philippine Sea at buong rehiyong Asia-Pacific. Pinahihintulutan rin ang US na magtayo ng mga pasilidad sa loob mismo ng mga kampo ng AFP, kapalit ng mga helikopter at iba pang gamit pandigma para sa gerang mapanupil laban sa mamamayang Pilipino.


Dapat igiit ng bayan ang paglalansag ng lahat ng pasilidad militar ng China sa mga teritoryo ng bansa at bayaran ang pinsala sa yamang-dagat ng Pilipinas. Dapat ding igiit ang pag-alis ng armadong mga barkong Coast Guard at paramilitar ng China.

Kaalinsabay, dapat igiit ng bayan ang ganap na pagbabasura sa Visiting Forces Agreement, sa Enhanced Defense Cooperation Agreement at lahat ng di pantay na kasunduang nagbibigay ng ekstrateritoryal na karapatan sa militar ng US. AB



# Milyong OFW, istranded sa ibang bansa

Dati nang basura ang turing ng reaksyunaryong estado sa mga *overseas* Filipino *worker* o OFW. Lalo itong tumingkad sa panahon ng pandemya. Noong Hunyo 16, 14 na Pilipinong gusto nang umuwi ang pinigilan ng rehimeng Duterte na makaalis ng Amsterdam, The Netherlands dahil kulang ang pasilidad pangkwarantina para sa kanila sa Pilipinas. Ayon sa naturang mga migranteng manggagawa, sinabihan silang hanggang 1,000 lamang na migrante kada araw ang pinapayagan ni Rodrigo Duterte na umuwi sa bansa.



Kabilang ang 14 sa milyun-milyong migranteng Pilipino sa iba't ibang bahagi ng mundo na nagdurusa ngayon dahil sa kapabayaan ng rehimeng Duterte. Sa mga bansa sa Asia Pacific, marami sa mga migrante ay nasa sektor pangkalusugan at serbisyo. Araw-araw silang namemeligro na mahawa ng Covid-19. Hindi ligtas maging mga kasambahay laluna sa Hong Kong, Macau, Taiwan at Singapore.

Walang kumprehensibong programa ang gubyerno para bigyan sila ng proteksyon. Sa Hong Kong, ang mga OFW na ang bumili ng sarili nilang mga pangangailangang medikal tulad ng mga *face mask* at alkohol. Sa South Korea, kailangan pang pilitin ng mga migrante ang mga Pilipinong upisyal para mamahagi ng mga *face mask*. Libu-libong Pilipino rin na nagtatrabaho sa mga barko ang nakakulong malapit sa mga pantalan sa Australia dahil pinagbawalan silang dumaong. Walang balak ang rehimen na bigyan sila ng libreng pag-eksamen o saluhin ang pagpapaospital sa mga nagkakasakit sa kanila.

Dahil sa kapabayaang ito, umaabot na sa mahigit 6,000 OFW ang nahawaan ng Covid-19 sa may 51 bansa. Mahigit 440 na rin ang nasawi. Sa bawat tatlong Pilipino na namamatay sa Covid-19 sa loob at labas ng bansa, isa sa kanila ay OFW. Pinakamataas ang bilang ng mga namatay sa Middle East, kung saan 4,000 ang nahawang mga OFW. Marami sa kanila ang nagmamakaawa na sa mga embahada ng Pilipinas dahil wala na silang makain. Sa ibang bahagi ng mundo, tatlo na ang nagpakamatay dahil sa desperasyon dulot ng pagkawala ng trabaho.

Wala ring seryosong plano ang rehimeng Duterte sa paglutas sa dambuhalang kawalan ng trabaho na idinulot ng Covid-19 sa mga migrante. Sa kabila ng daan-daang bilyong pisong inutang, naglaan lamang si Duterte ng P1.5 bilyon para sa mga mawawalan ng trabaho. Dahil sa lubhang kapos na badyet, mabilis na natapos ang pagbibigay ng tig-P10,000 ayudang pinansyal sa kanila.

Marami sa mga humingi ng ayuda ay hindi nabigyan dahil limitado ito sa mga migranteng nasa 29 na bansa. Hindi ibinilang ang mga migrante sa mahigit 190 iba pang bansa at teritoryo, na karamihan ay pansamantala lamang ang trabaho, mga *trainee,* estudyante, turista at mga manggagawang hindi dokumentado. Hindi rin saklaw ng ayuda ang iniwan nilang mga pamilya sa Pilipinas.


Sa pinaliit na taya ng DOLE, 700,000 hanggang isang milyon ang mga migranteng mawawalan ng trabaho ngayong taon. Pero alinsunod sa taya ng International Labor Organization noong Abril, maaaring umabot sa 5 milyong migrante ang mawawalan ng trabaho dulot ng pandemya. Ito ay dahil pinakamalubhang tinamaan ng disempleyo ang mga sektor ng pagkain at akomodasyon, pagtitingi at *wholesale,* pagmamanupaktura, at pang-negosyong serbisyo at pamamahala. Umaabot ng 43% ng lahat ng migranteng Pilipino ay nasa mga sektor na ito. Sa gitna ng lahat ng ito, binalak pa ng rehimen na dagdagan ng 3% ang sinisingil na kontribusyon sa Philhealth ng mga migrante. AB

### Remitans, nakatakdang bumagsak ngayong taon

NOON PANG ABRIL, tinaya na ng National Economic Development Authority na babagsak nang hanggang 30% ang remitans ng mga Pilipinong migrante ngayong taon dulot ng pandemyang Covid-19. Ito ay dahil halos kalahati ng mga migranteng Pilipino ay nagtatrabaho sa mga sektor na pinakatinamaan ng mga *lockdown* sa iba't ibang bansa. Milyun-milyong migranteng Pilipino ang mawawalan ng trabaho dulot ng resesyon.

Malaking dagok ito para sa lokal na ekonomya lalupa't mahigpit itong nakasandig sa remitans. Noong nakaraang taon, umabot sa P1.68 trilyon ang kabuuang remitans ng mga migrante, katumbas ng 10% ng naitalang *gross domestic product* (kabuuang lokal na produksyon) ng taon. Ang remitans ng mga OFW ang isa sa pangunahing pinagkukunan ng pondo ng rehimen para sustentuhan ang lokal na konsumo sa bansa at resolbahin ang patuloy na lumalaking depisito sa *balance of payments* nito.

# Kontra-mahirap na plano sa edukasyon



Walang malasakit at paghahanda. Ito ang bwelta ng milyun-milyong magulang at libu-libong guro kay Rodrigo Duterte at kanyang mga upisyal sa edukasyon kaugnay sa ipinipilit nitong "distance learning" sa pasukan. "Alanganin ang pamamaraang *online*, *modular*, telebisyon, radyo at *laptop* kasi di pare-pareho ang kalagayan ng mga pamilya," ayon sa isang nanay na myembro ng Amihan, organisasyon ng mga babaeng magsasaka. "Wala na ngang pambili ng pagkain, *gadget* pa kaya," ayon pa sa grupo. Sa maraming lugar sa kanayunan, walang internet at mga *gadget* ang kalakhan ng mamamayan, wala ring telebisyon at radyo. May mga lugar pa na walang kuryente.

Sa "distance learning" ng Department of Education, ipagpapatuloy ang mga klase nang hindi binubuksan ang mga eskwelahan. Ito ay matapos ideklara ni Duterte na walang magaganap na "face-to-face" o harap-harapang klase sa lahat ng lugar at antas hanggang walang bakuna laban sa Covid-19. Maaari diumanong pumili ang mga magulang sa tatlong tipo ng pagtuturo: ang *modular*, *online* at *TV/Radio-based instruction.* Sa "modular distance learning," kukuha ang mga magulang sa mga paaralan ng mga materyal, sa anyong *digital* o nakaimprenta, na kanya-kanyang pag-aaralan ng mga estudyante. Sa "*online*," lahat ng materyal ay idadaan sa internet, habang sa pangatlong tipo, panonoorin o pakikinggan lamang ng mga estudyante ang mga aralin sa telebisyon o radyo. Sa lahat ng ito, babalikatin ng mga nanay o sinumang myembro ng pamilya ang pagtuturo sa mga bata. Nasa balikat naman ng mga guro ang paghahanda ng mga materyal, paghagilap ng mga *gadget* para sa mga klaseng *online* at gastos sa internet na kailangan para rito.

Isa sa mga problemado si Joy, isang kontraktwal na may dalawang anak sa elementarya. Wala silang *gadget* sa bahay, liban sa isang selpon na ginagamit niya sa trabaho bilang sekretarya ng isang klinik. "No work, no pay" at sumasahod lamang siya ng P15,000 kada buwan. *Modular* ang tipo na naisip niyang pamamaraan pero namomroblema siya kung paano matututo ang kanyang mga anak nang walang guro at walang kasama sa bahay dahil buong araw siyang nasa trabaho.

Problemado rin ang mga guro. Isang grupo ng mga titser sa Maco Valley, Davao de Oro ang napilitang magkampo sa gilid ng daan dahil doon lamang may *signal* ng *internet* para sa ipinatawag ng DepEd na *webinar* o *seminar* sa pamamagitan ng internet. Batid ng mga estudyante, laluna ng mula sa mahihirap na pamilya, ang mataas ng gastos ng gayong tipo ng instruksyon. Isang 19-taong gulang na estudyante na ang nagpakamatay dala ng pamomroblema kung saan siya kukuha ng pera para pang-*load* ng kanyang selpon.

**Kontra-mahirap at hungkag**

Itinutulak ng "distance learning" ang maraming bata at kabataan na tumigil sa pag-aaral. Tinatayang 55% o 15.2 milyon lamang sa 27.7 milyong mag-aaral na nag-enrol noong 2019 ang papasok ngayong taon. Bumaba na ang bilang ng mga nagpalista mula 6.3 milyon noong unang linggo ng Hunyo tungong 4.2 milyon sa pangalawang linggo. Sa bilang na ito, 319,000 lamang ang nagpalista sa mga pribadong paaralan o 7.6% sa kabuuang 4.2 milyong estudyante noong nakaraang taon. Tinatayang hindi aabot sa 1 milyon ang magpapalista sa mga pribadong paaralan ngayong taon.

Sinasabing lampas sa populasyon ng bansa ang bilang ng naibentang mga selpon (117 milyon kontra sa 110 milyong Pilipino). Pero konsentrado ito sa mga syudad at kalahati lamang sa mga ito ang maaring gamitin pang-internet. Mayorya sa may internet (80%) ay naka-*subscribe* sa pinakamurang klase na limitado, paputol-putol at lubhang mabagal. Sa pinakamurang pang-estudyanteng internet na P50 para sa tatlong araw na kuneksyon, minimum na P500/buwan pa rin ang kailangang gastusin ng bawat estudyante. Kung hindi *laptop* (P18,000), kailangang bilhan ng selpon o *tablet* na may kakayahang mag-internet (P2,500) ang mga estudyante.

Sa kabuuan, hindi bababa sa P110.8 bilyon ang gastos para sa "distance learning" para sa tatlong buwan pa lamang. Minimum na P69.25 bilyon ang kakailanganin para magkaroon ng *gadget* ang bawat mag-aaral. Ang gastos naman para sa internet ay aabot sa P41.55 bilyon. Wala pa rito ang mga *gadget* na kinakailangan ng mga guro tulad ng *laptop*, gayundin ang kailangan nilang (P1,500/buwan). Tatabo ng tubo sa "distance learning" ang mga kumpanya ng selpon at internet. Kung hindi direktang gagastusan ng mga magulang, gagastusan ito ng mga lokal na gubyerno gamit ang pondo ng bayan. Kung "ipamimigay" naman ang mga ito ng mga kumpanya, ibabawas sa babayaran nilang buwis ang halaga ng kanilang "donasyon."

Sa kabilang banda, aabutin lamang ng P37 bilyon ang minimum na paghahandang pangkalusugan para gawing ligtas na mabuksan ang mga paaralan alinsunod sa taya ng DepEd. Kakumbina sa *mass testing* ng mga guro at empleyado (maksimum na P6.5 bilyon para sa tatlong

*"Kontra-mahirap...," sundan sa pahina 9*

# 88th IB, pinalalayas ng mga Lumad sa Bukidnon

Naging mainit ang kumprontasyon sa pagitan ng mga Lumad at mga upisyal ng 88th IB sa isang dayalogo na ginanap noong Hunyo 13 sa Cabanglasan, Bukidnon. Pinalalayas ng mga Lumad dito ang yunit militar dahil sa matagal nilang pananatili at panggigipit sa kanilang mga komunidad. Okupado ng mga sundalo ang mga komunidad ng Eyaray, Lakap, Katablaran, Salorenga, Maynaga, Tombaga, San Vicente at Kahen. Dinaluhan ang dayalogo ng lokal na upisyal ng Cabanglasan, mga kapitan ng barangay at 200 mga residente mula sa mga barangay ng Kanangaan, Iba at Manggaod, kasama ang tatlo nilang datu. Ito ang una sa ganitong klaseng kumprontasyon sa naturang lugar.

Sa isang interbyu sa lokal na radyo, ikinwento ni Datu Konrado Salimbon na sa nakaraan, nagpagamit sila sa AFP bilang pwersang paramilitar na Alamara at Bagani. Madalas silang ginawang pambala ng kanyon bilang mga giya sa mga operasyong kombat ng mga regular na platun ng AFP laban sa Bagong Hukbong Bayan. Dahil imbwelto sila sa mga kontra-Lumad na aktibidad, nawasak ang kanilang mga komunidad at nabuwag ang pagkakaisa ng kanilang tribu. Sa loob ng dalawang dekada, wala silang maayos na kabuhayan at madalas ang "lido" o pag-aaway-away sa kanilang hanay. Ginamit pa sila ng militar para magtanim ng ekta-ektaryang *marijuana* sa kanilang lupang ninuno sa Pantaron.

Pero dahil sa panggigipit ng 88th IB, nabuo ang kanilang pagkakaisa na kumawala sa panlilinlang at pagsasamantala ng AFP. Napagkaisahan nilang magpahayag ng kanilang mga saloobin at hindi sila nagpatalo sa mga tangka ng mga sundalo na harangin ang paglabas nila sa komunidad. Matagumpay nilang naigiit na makipagdayalogo kasama ang lokal na gubyerno sa gitna ng matitinding nakapokus na operasyong militar sa kanilang lugar.

Inireklamo ng mga Lumad dito ang pagpapatawag ng 88th IB ng dala-dalawang mga residente para pwersahin silang "sumurender" bilang mga myembro ng Bagong Hukbong Bayan. Lalong nagalit ang mga Lumad sa ipinagpipilitan ng militar na para sa kanilang kapakanan ang okupasyon ng mga sundalo. Sa kadulu-duluhan, inamin din ng 88th IB na kinampuhan nila ang mga komunidad dahil mga Pulang mandirigma ang tingin nila sa mga sibilyang Lumad.

Erya ng mga operasyon ng 88th IB ang mga munisipalidad ng Valencia, San Fernando, Quezon, Maramag at Kitaotao. Sa mga lugar na ito marami ang kaso ng mga paglabag sa karapatang-tao. Mula Enero 2019, naiulat ng *Ang Bayan* ang pitong ekstrahudisyal na pamamaslang at 112 pang-aaresto sa nasabing mga bayan. Nagkaroon din ng dalawang insidente ng pambobomba malapit sa mga komunidad na nagtulak sa hindi bababa sa 3,509 katao na magbakwit. Noong Mayo 15, sinaklaw na ng 88th IB ang Cabanglasan matapos ideklara ng 4th ID na naggapi na ang Pulang hukbo sa unang nabanggit na mga bayan. AB

*"Kontra-mahirap...," mula sa pahina 8*

buwan) at iba pang pag-aangkop sa laki, haba at dalas ng mga klase, mas bentahe at mas mababa ang gastos ng kontroladong pagbubukas ng mga paaralan at pagsasagawa ng harap-harapang klase laluna sa mga lugar kung saan hindi laganap ang Covid-19.

Gayunpaman, dapat sabayan ang mga hakbang pangkalusugan ng masasaklaw na pagbabago para lutasin ang deka-dekada nang problema sa sistema ng edukasyon. Hindi madaling isagawa ang tamang pagdidistansya sa mga paaralang kulang sa klasrum, upuan at mesa. Noong 2019, nasa 800,000 bagong klasrum ang kailangang itayo, ayon sa DepEd. Kulang na kulang ang mga palikuran, sistema ng tubig at iba pang pasilidad pangsanitasyon.

Hindi sapat ang bilang ng mga guro, nars at iba pang empleyado sa paaralan na maaaring magsalit-salitan kung kinakailangan. Hanggang 10,000 lamang na guro ang planong idagdag ng DepEd para sa kasalukuyang taon, gayong nasa 81,000 na mga guro ang kulang noon pang 2018.

Sa kabuuan, 30 milyon estudyante, guro at iba pang empleyado sa mababang paaralan at hayskul ang apektado sa kawalang malasakit at paghahanda ni Rodrigo Duterte. Inilantad ng pandemya hindi lamang ang kainutilan ng rehimen sa pagtugon sa pangangailangan at karapatan ng ng mga bata at kabataan kundi pati ang atrasado at bulok na sistema sa edukasyon sa bansa. AB

## Lider ng Kasama-Bukidnon at pamilya, pinagbabaril

PINAULANAN NG BALA ng mga hinihinalang elemento ng 88th IB ang tinutuluyan ni Elita Manlapid, 59, at ng kanyang pamilya, sa gabi ng Hunyo 16. Naging tagapangulo si Manlapid ng balangay ng Kasama-Bukidnon sa San Fernado noong 2013.

Makailang ulit siyang "pinasuko" ng AFP bilang kasapi ng Bagong Hukbong Bayan noong 2016 at 2019. Ipinatawag din siya ng 88th IB sa hedkwarters nito sa Maramag. Nagtayo ng grupong paramilitar ang 88th IB sa komunidad na nasa likod ng pandarahas at pananakot sa mga residente.

Pinangungunahan ng Kasama-Bukidnon ang laban ng mga Lumad sa pagprotekta sa kabundukan ng Pantaron at pagpapatigil sa mga minahang sumisira sa kanilang lupang ninuno.

# Pinakamataas na tantos ng disempleyo sa kasaysayan, naitala

Kabi-kabila ang tanggalan ng daan-daang mga manggagawa sa harap ng pagsasara at pagkalugi ng mga kumpanya bunsod ng krisis na dulot ng halos tatlong buwang *lockdown* ni Duterte.




Sunud-sunod ang mga kumpanyang nagpabatid na magtatanggal ng mga manggagawa. Kabilang dito ang Bank of Philippine Islands na nagsabing pinagreretiro nila ang 1,286 empleyado nito na may edad 50 pataas.

Balak din tanggalin sa Hulyo ang 1,000 *ground crew* ng Cebu Pacific na ineempleyo ng 1Aviation Services Corp, matapos tanggalin ang 400 noong Abril. Sisipain naman ang 564 manggagawa sa Philippine Airlines at Air Asia. Mahigit 400 manggagawa naman ng Victory Liner ang tatanggalin. Nag-anunsyo rin ang kumpanyang Okada Manila na magtatanggal ito ng 1,000 manggagawa.

Sa Davao City, tinatayang aabot sa 200,000 manggagawa ang matatanggal sa trabaho dahil sa pagsasara ng mahigit 10,000 kumpanya.

**Pinakamalubhang disempleyo sa kasaysayan**

Ayon sa Department of Labor and Employment, mahigit 2,000 kumpanya na may kabuuang 69,000 manggagawa ang panimulang naitala na nilang nagsara mula noong *lockdown*.

Sa sarbey naman ng Philippine Statistics Authority (PSA) nitong Hunyo, pumalo na sa 7.3 ang kabuuang bilang ng walang trabaho sa bansa noong Abril, o 17.7% na tantos ng disempleyo. Mahigit triple ito sa naitalang 2.4 milyong walang trabaho noong Enero.

Subalit ayon sa taya ng Ibon Foundation, nasa 14 milyon ang aktwal na bilang ng walang hanapbuhay o 22% ng kabuuang bilang ng pwersa sa manggagawa, kung bibilangin ang mga "nadismaya na sa paghahanap" at ang mga nawalan ng trabaho sa panahon ng *lockdown,* na hindi binibilang ng PSA.

Kung susumahin, nasa 20.4 milyon na ang tunay na bilang nang walang hanapbuhay at kulang ng hanapbuhay. Pinakamalala ito sa kasaysayan ng Pilipinas.

**Dagdag na pasakit**

Sa harap ng tumitinding krisis, inilusot ng rehimen ang pagpapatupad ng dagdag pang mga patakarang neoliberal na higit pang pipiga sa lakas-paggawa ng mga manggagawa at tiyakin ang maksimum na tubo ng mga kapitalista.

Inilabas ng Department of Labor and Employment ang Labor Advisory 17 noong May 16 para pahintulutan ang mga kapitalista na magtanggal ng mga empleyado, magkaltas ng sahod at magtanggal ng mga benepisyo, magbawas ng oras o araw ng trabaho, at magpatupad ng iba pang mga porma ng pleksibleng paggawa tulad ng "work from home" o magtrabaho sa bahay kapalit ng kalahati lamang ng kanilang sahod.

Bago nito, una nang inilabas ng kagawaran ang Department Order 213 noong Mayo 7 na nagsuspinde sa mga inspeksyon sa mga pagawaan, isa sa mga rekisito sa ligtas na pagbubukas ng ekonomya. Sinuspinde din nito ang mga aktibidad na may kaugnayan sa pag-uunyon na epektibong sumikil sa karapatan ng mga manggagawa na magpaabot ng reklamo.

Samantala, naglabas ng pabatid ang Bureau of Internal Revenue para obligahin ang mga manggagawang *self-employed* o may negosyong *online* na magrehistro sa ahensya. Tinatayang gagastos ang bawat negosyante ng P2,260 para sa rehistrasyon. Sa bisa nito, istriktong sisingilin ng 20% buwis ang lahat ng kumikita ng higit P20,833 kada buwan. Maraming manggagawa na nawalan ng trabaho sa panahon ng *lockdown* ang lumipat sa sektor na ito para kumita.

## Daanlibong propesyunal, nagdurusa dahil sa *lockdown*

DAANLIBONG PROPESYUNAL AT manggagawa sa serbisyo ang patuloy na nagdurusa dahil sa pagpapabaya sa kanila ng rehimeng Duterte sa panahon ng *lockdown* hanggang sa kasalukuyan. Nawalan sila ng kita nang ipasara ang mga eskwelahan, upisina, sinehan at upisina. Kabilang dito ang 50,000 guro sa mga unibersidad at kolehiyo at 500,000 manggagawa sa edukasyon sa pribadong mga paaralan. Dagdag sa kanila ang mahigit 800,000 manggagawa sa pelikula, arte at sining.

Mayorya sa kanila ay “no work, no pay” o walang sahod kung walang trabaho. Sa kabila nito, Hindi sila saklaw sa kakarampot na pondong ayuda at kumpensasyon ng rehimen.

Ang mga guro sa pribadong kolehiyo ay hindi sumusweldo mula pa Marso. Wala silang sweldo hanggang walang pasok ang mga kolehiyo. Marami sa mga guro at manggagawa sa mga pribadong paaralan ay wala nang natatanggap mula pa kalagitnaan ng Abril. Nanganganib silang mawalan ng trabaho, laluna ang mga empleyado ng maliliit na paaralan, dahil sa tinatayang 75% na pagbagsak ng enrolment sa mga pribadong eskwelahan.

# Ang pagsibol ng rebolusyon sa Niyog

Isang mahirap, pero mapanghamong gawain sa hukbong bayan ang magbukas ng bagong erya na makikilusan o ang gawaing ekspansyon. Sa Negros, isa sa mga eryang ito ang Niyog, isang baryong medyo nasa liblib na bahagi ng isla. Halos lahat ng mga residente dito ay mahihirap na magsasaka. Ilan ay manggagawang bukid. Nagtatanim sila ng niyog at nagkokopra.

Sa gawaing ekspansyon, lagi't laging daraan sa pagsubok ang yunit sa simula. Pero sa pamamagitan ng mahigpit na pagtangan sa linyang masa, tuluy-tuloy na pag-iimbestiga at disiplina bilang hukbo, maoorganisa at mabubuo ng mga Pulang mandirigma ang mga organisasyong masa. Mula rito sisibol ang Pulang kapangyarihan sa lugar.

Sa Niyog, unang hinanap ng mga kasama ang maayos na pwesto ng kanilang pansamantalang kampo sa labas ng komunidad. Dahil hindi pa sila kilala ng masa sa lugar, lumabas ang pagkamapanlikha at mapamaraan ng mga kasama sa pagpapalitaw ng pagkain.: paramihan ng nakuhang palaka, talangka, mga gulay sa gubat at kung anu-ano pa.

Hindi lamang hindi kilala ng mga residente ng Niyog ang BHB, laganap dito ang paninira ng AFP sa hukbong bayan. Batid ng mga kasama may takot ang mga residente sa mga "NPA" dahil dito. Napag-alaman nilang ipinagkakalat ng AFP na ang mga Pulang mandirigma ay "may sungay, may buntot, at nagagalit kung walang lamang kanin ang kaldero."

Dahil dito, hindi agad na nagpakilala ang mga kasama sa mga residente para hindi magdulot ng pangamba. Nakipagkaibigan muna sila habang sinisiyasat ang mga kalagayan ng baryo at inaalam ang mga usapin ng mamamayan. May pagkakataong nagtatanong muna sila kung saan nakabibili ng mga hayop at nakikinig ng mga kwentong baryo. Minsan, tinanong ng isang kasama ang isang nanay na nakasalubong niya sa daan kung ano kaya ang mangyayari kung makasalubong siyang "NPA?"

"Naku, pasensya ka na, iyan ang hindi ko alam. Hindi ko pa kasi nakikita yang tinatawag nilang mga NPA kung tao ba yan o hayop o ano. Basta mag-ingat lang kayo," sagot ng isang nanay.

Hindi na pinatagal ng kasama at nagpakilala siya. "Salamat, Nay. Pero kami naman yung hihingi ng pasensya. Mga NPA po kami. Wala po kaming buntot at sungay, ordinaryong tao lang. Narito po kami para buong-pusong magsilbi sa inyo nang walang hinihinging kapalit kundi ang inyong suporta."

"Ay, Diyos ko! Akala ko masasamang tao yung NPA, eh ang gagwapo at ang gaganda niyo pala!" gulat na tugon ng nanay. "Pasok muna kayo sa loob, nang maipagtimpla ko kayo ng kape," sabi niya habang natutuwang pinatutuloy ang mga Pulang mandirigma sa kanyang bahay. Mula noon, lagi't lagi na niyang hinahanap ang mga mandirigma. Isa sa pinakamaaga niyang alala sa mga ito ang mabilis na pag-ani ng kanyang palay dahil sa pagtulong ng 10 Pulang mandirigma. Ang masayahing nanay na ito, na 54 taong gulang, ang isa pinakamatatag na tagasuporta ng hukbong bayan.

Minsan, nerbyos na nerbyos ang mga kasama dahil may kakausapin silang nakatira sa isang malaking bahay. Naisip nilang kailangan nilang mag-*adjust* sa mga sasabihin dahil baka mataas ang uri ng kausap nila. Pero hindi pala bahay, kundi *barangay hall* ng Niyog ang kanilang pulungan. Mga upisyal ng barangay pala ang kanilang kausap na gusto ring sumapi sa organisasyon..



Sa pamamagitan ng tuluy-tuloy na pakikisalamuha at pagpapaliwanag, nabaliktad ng mga kasama ang masamang imahe na ipininta ng AFP sa Pulang hukbo at nabuo ang pagkakaisa sa pagitan ng mamamayan at kanilang hukbo. Napalitan ang dating mga pangamba at pag-aalinlangan ng saya at di matatawarang suporta sa pagsusulong ng mga pakikibakang masa.

*"Pagsibol...," sundan sa pahina 12*

# Sunud-sunod na BKP, inilunsad sa Bikol


Apat na bats ng pag-aaral sa Batayang Kurso ng Partido (BKP) at isang bats ng pagsasanay sa mga instruktor ng BKP ang inilunsad sa isang prubinsya ng Bikol. "Mas napalalim ng BKP yung kagustuhan ko na sumapi. Natutunan at mas nalinawan ako sa mga ginagawa dito sa hukbo," ani Ka Troy, isa sa mga estudyante sa pag-aaral.

Isinagawa ang koordinadong mga pag-aaral bilang pagkonsolida sa baseng masa at hukbo. Tugon din ito sa pasistang kontra-insurhensya ng rehimeng Duterte. Itinaon ito sa panahong hindi nakapokus ang operasyon ng kaaway sa larangan.

Sa loob ng limang linggo, simula Marso hanggang unang linggo ng Abril, 84 ang nakapagtapos ng BKP mula sa hanay ng masa at hukbong bayan.

**Bunga ng pag-aaral**

Kasapi si Ka Troy ng samahang masa ng kabataan at kalaunan ay naging susing katuwang ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa kanilang komunidad. Isa siya sa 70 magsasaka na nakagradweyt ng BKP. "Mas nalaman ko ang mga patakaran... doon ko nagustuhan ang pamamalakad sa hukbo," komento niya pagkatapos ng pag-aaral.




Sa tulong ng BKP, nagdesisyon si Ka Troy na sumapi sa BHB. Isa lamang siya sa ilang nagpasyang mag-pultaym sa hukbong bayan pagkatapos ng pag-aaral.

Nadagdagan ng 18 bagong instruktor para sa BKP ang larangang gerilya pagkatapos ng isang bats ng pagsasanay para sa mga instruktor. Isinagawa ito sa pagitan ng sunud-sunod na mga pag-aaral ng BKP. Kagyat silang isinabak sa pagtuturo at igrinupo para magturo ng kanya-kanyang paksa.

"Sa una, talagang hindi pa masyadong naipaliliwanag ang paksa... Medyo nahihiya pa sa pagtuturo," pagsasalaysay ni Ka Nati, isa sa mga bagong instruktor. Nakatulong ang itinurong teknik sa pagtuturo tulad ng pagguhit, dagdag pa niya.

**Mapagpasyang paglulunsad**

Noong nakaraang taon, hindi naging mabunga ang paglulunsad ng mga Pampartidong pag-aaral sa saklaw na erya ng larangan dahil nagkulang sa pagpaplano at tulak. Ngayong taon, mapagpasyang tinutukan ng pamunuan ng prubinsya ang paglulunsad ng pag-aaral sa naturang larangan.

Simpleng pagpaplano at kagustuhang makapagpatapos ng pag-aaral, ito ang isinalaysay na susi sa paglulunsad ng BKP at ibang edukasyong pampartido.

Kagyat na ipinatawag ng larangan ang komite ng mga lokal na sangay ng Partido at ipinahanay ang pangalan ng mga bibigyan ng pag-aaral. Ikinoordina din ito sa mga kasapi ng Partido sa urban para makapagpadalo. Tiniyak ang mga benyu na pagdadausan ng pag-aaral at ang karampatang pagtugon sa seguridad dito.

Isang pag-aaral sa bawat linggo ang abereyds ng pag-aaral. Koordinado ang naging mga pag-aaral sa iba't ibang barangay. Mabilis na nakatugon ang instruktor ng ibang bats ng BKP sa iba pang mga bats na inilunsad sa ibang erya. AB

---

*"Pagsibol...," mula sa pahina 11*

Naidaos ang unang pag-aaral sa basketbol *court* ng barangay para itayo ang Pambansang Katipunan ng mga Magsasaka at talakayin ang Maiksing Kurso sa Lipunan at Rebolusyong Pilipino. Dinaluhan ito ng 40 katao at mula sa kanilang hanay, lumitaw si Tatay Abraham bilang una nilang pangulo.

Sa sumunod na mga buwan, inilunsad ng hukbo at organisasyong masa ang mga kampanyang masa para sa ikabubuti ng komunidad. Hindi nag-atubili ang mga residente ng Niyog na sumuporta sa mga ito dahil alam nilang para ito sa kanilang kapakanan.

Di nagtagal, ang dating eryang ekspansyon ay konsolidado na. Nagambag ito ng una nilang Pulang mandirigma at martir, si Ka Marmar, noong 2018. Namatay siya sa isang labanan ngayong 2020. Maraming mahuhusay na anak ng Niyog ang sumapi at sasapi pa sa hukbong bayan.

Tuwing binabalikan ng mga kasama at ng masa sa Niyog ang mga di-malilimutang pinagdaanan, natatawa na lamang sila sa mga naaalala nilang eksena. Gayunpaman, batid nilang marami sa mga pangyayari sa panahong iyon ang naghubog kapwa sa mga Pulang mandirigma at sa masang kanilang pinagsisilbihan.

Sa ngayon, nahaharap ang rebolusyonaryong mamamayan sa Niyog sa hamon ng pagpapatatag at ibayo pang pagpapalawak ng saklaw ng kanilang organisasyon at pagkilos sa gitna ng maiigting na operasyong militar sa Negros. Tiwala sila na malalagpasan nila ang mga kagipitan ng sitwasyon, hanggang katuwang nila ang pinakamamahal nilang hukbong bayan. AB

## 200 dumalo sa kasal sa larangang gerilya



Umabot sa 200 residente mula sa iba't ibang barangay at komunidad ang dumalo sa kasal ng apat na pares ng magkasintahang Pulang mandirigma sa Bukidnon noong Hunyo 11. Saksi ang mamamayan sa pag-iisang dibdib ng mga kasama sa ilalim ng mga patakaran ng rebolusyonaryong gubyerno at Partido Komunista ng Pilipinas.

Sa panahong ito rin inilunsad sa prubinsya ang kumperensya ng rebolusyonaryong organisasyong Kabataang Makabayan (KM). Aabot sa 37 estudyante at kabataan mula sa iba't ibang bayan, syudad at komunidad sa prubinsya ang nakibahagi sa aktibidad.

Itinuon ang kumperensya sa pagtalakay sa mga usaping pambansa, maging yaong mga isyu ng kabataan sa partikular na mga erya ng KM. Nagresulta ang kumperensya sa pagkakatatag ng organisasyong kolektibong tutugon sa pandemya at lalaban sa teroristang atake ng rehimeng US-Duterte.

Isinagawa ang kasal at kumperensya sa panahong inaatake ang Bukidnon ng di bababa sa apat na batalyon ng Philippine Army. Nananatiling ligtas ang prubinsya sa Covid-19, ngunit nagpatupad pa rin ng mga hakbang pangkalusugan sa naturang mga aktibidad. AB

---

## Pagpatay, pang-aaresto at pang-aatake, laganap kahit hindi pa naipapasa ang ATB

Dalawang sibilyan ang pinatay at pito ang iligal na inaresto ng mga elemento ng estado sa nakaraang dalawang linggo.

Pinatay sa pamamaril si Harold Tablazan, kagawad ng Sangguniang Kabataan, sa Sityo Passi, Barangay Mayang, Tubungan, Iloilo noong Hunyo 20. Dating aktibo sa Federation of Iloilo Farmers Association si Tablazan at kasalukuyang nagtatrabaho sa isla. Kasamang napatay si Glenn Bunda, tagapangulo ng SK ng kanilang barangay.

Sa Negros Occidental, iligal na inaresto ng mga pulis at 79th IB noong Hunyo 9, ang aktibistang si Gaspar Davao sa isang tsekpoynt sa Barangay Caduha-an, Cadiz City. Pinalabas ng pulis na mayroon siyang sakit na Covid-19. Habang nakadetine, tinamnan ng mga pulis ng granada ang kanyang bag. Si Davao ay organisador ng National Federation of Sugar Workers at matagal nang pinararatangang tagasuporta ng Bagong Hukbong Bayan (BHB). Iniharap siya ng AFP sa midya bilang lider umano ng BHB.

Sa Gonzaga, Cagayan, inaresto noong Hunyo 10 ang mga magsasakang sina Rolando Reyes, 40, at Ranchi Tubban, 19. Hinarang sa isang tsekpoynt at hinalughog ng mga elemento ng Marine Battalion Landing Team 10 at Cagayan PNP Provincial Mobile Force Company ang kanilang sasakyan sa Centro Gonzaga. Tinamnan ng granada ang kanilang sasakyan. May inihatid lamang na mga istranded na pasahero sa kasunod na bayan ang mga biktima.

Noong Hunyo 12 sa North Cotabato, dinukot ng PNP, 73rd IB at 39th IB ang mag-aamang Lumad na sina Mongkel Tacalan, 66, at kanyang dalawang anak habang pauwi mula sa Mindanao Interfaith Services Foundation Incorporated Barangay Kisante, Makilala, North Cotabato. Limang araw silang idinetine ng 39th IB bago inilitaw noong Hunyo 17.

Dinukot din ng anim na armadong elemento ng estado si Elena Tijamo sa kanyang bahay sa Barangay Kampingganon, Bantayan, Cebu noong Hunyo 13. Koordineytor siya ng Sustainable Agriculture at radyong pangkomunidad ng Farmers Development Center (Fardec) si Tijamo. Ang Fardec ay institusyong tumutulong sa mga magsasaka. Myembro siya ng International Association of Women in Radio and Television Philippines na nagpapatakbo ng Radio Sugbuanon. Hindi pa rin siya inililitaw hanggang sa kasalukuyan.

Samantala, tatlong magsasaka sa Tayasan, Negros Oriental ang inatake ng mga sundalo noong Hunyo 15, alas-5 ng umaga. Kinilala ang mga biktima na sina Dodoy Perez, 51, Quiting Amad, at isa pang hindi pinangalanan. Ang mga biktima ay residente ng Barangay Laguit ng nasabing bayan. Binugbog ng mga sundalo si Perez at isa pang kababaryo, samantalang si Amad naman ay pinagsasaksak ng anim na lalaking nakabonnet na kasama ng mga sundalo.

Ang mga residente sa mga barangay ng Tayasan ay mariing tumututol sa planong pagpasok ng mapanirang kumpanya sa mina sa kanilang lugar. Kabilang din sa sasaklawin ng mina ang mga bayan ng Basay, Ayungon, Bindoy, Jimalalud, La Libertad at Guihulngan. Isa sa mga pakay ng pagbabalik ng 11th IB sa prubinsya noong Hunyo 2019 ay para supilin ang paglaban ng mga residente sa naturang proyekto. AB

# Ika-155 anibersaryo ng pagtatapos ng pang-aalipin sa mga Itim

Libu-libong mamamayang Amerikano ang nagmartsa sa mahigit 100 syudad sa US noong Hunyo 19 upang gunitain ang Juneteenth, araw na itinuturing na upisyal na pagtatapos ng pang-aalipin ng mga puti sa mamamayang Itim sa bansa noong 1865.

Karamihan sa mga paggunitang ito ay idinaan sa protesta upang patuloy na igiit ang hustisya sa brutalidad ng pulis at rasistang pagpatay sa mga Itim na Amerikano. Sa iba't ibang bahagi ng US, laganap at malakihan pa rin ang mga protesta laban sa pagpatay ng pulis kay George Floyd. Noong Hunyo 12, pumatong sa galit ng mamamayan ang pamamaril ng pulis sa Atlanta, Georgia, kay Rayshard Brooks habang tumatakbo ito palayo. Isang tama ng bala sa likod ang ikinamatay ni Brooks, isang empleyado sa restawran.

Bilang pakikiisa, nagwelga ang libu-libong manggagawa mula sa International Longshore and Warehouse Union sa Oakland, California noon ding Hunyo 19. Walong oras na natigil ang operasyon ng aabot sa 29 pantalan sa West Coast.

Daan-daang guro at kanilang mga pamilya ang nagmartsa rin para ipanawagan ang dagdag na pondo para sa mga estudyanteng itim at pagbabago sa kurikulum upang maglakip ng mas malaking bahagi ng kasaysayan ng mga Itim. Marami nang simbolo ng pang-aalipin ng mga puti sa mga itim ang itinakwil ng mamamayan. Kabilang dito ang pagwasak ng mga istatwa ng dating mga nagmamay-ari ng aliping itim, pagtanggal ng mga bandila ng malalaking panginoong maylupa na tumangging palayain ang kanilang mga alipin at samutsaring imahe at simbolo ng diskriminasyon.

**Tanggalan ng pondo ang pulis**

Mula sa panawagang Black Lives Matter, iginiit ng maraming grupo ang reporma sa institusyon ng pulis—mula sa pagtatanggal ng matataas na upisyal, pagkakaroon ng batas para sila'y makasuhan, pagtanggal ng marami sa kanilang mga pribilehiyo, pagtanggal ng pondo, hanggang sa pagbuwag sa buong institusyon. Tumugon ang di bababa sa siyam na estado sa mga panawagang ito. Kabilang dito ang Minneapolis, kung saan pinatay si George Floyd, na kumilos para tanggalan ng pondo at buwagin ang pulis ng estado. Ipinagbawal na rin ang paggamit ng pulis ng dahas laban sa suspek tulad ng pananakal at pagpasok sa mga bahay ng pinaghihinalaan ng hindi kumakatok. Sa Washington D.C., may resolusyon nang nagbabawal ng paggamit ng pulis ng *tear gas, pepper spray*, mga gomang punglo at *stun grenade* para magbuwag ng mga protesta.

Panawagan ng kilusang Black Lives Matter ang trabaho, dagdag na sahod, pabahay at pagrespeto sa karapatan. Anila, maraming krimen sa kanilang mga komunidad ang nakaugat sa kahirapan, pagpapabaya ng estado at diskriminasyon. AB

## Protesta sa Chile, Lebanon at Hong Kong

LIBU-LIBONG TAGA-CHILE ang lumusob sa kapitolyong lunsod na Santiago noong Mayo 18 para iparating ang kanilang galit sa dinaranas nilang gutom at hirap na dala ng *lockdown* at krisis na dulot ng Covid-19. Kinundena nila ang pagsirit ng presyo ng pagkain at inumin sa bansa na dulot ng arbitraryong *lockdown* na ipinataw ng estado.

Ilanlibo naman ang nagprotesta sa Beirut, sentro ng Lebanon simula Hunyo 11. Kinundena nila ang pagbulusok ng ekonomya ng bansa at ang higit 70% pagbaba ng halaga ng kanilang salapi. Higit sangkatlo ng mga taga-Lebanon ang walang trabaho ngayon, at pinasidhi pa ng pandemya ang kanilang kalagayan.

Samantala, humugos sa lansangan ang libu-libong residente ng Hong Kong noong Mayo 24 at 27 para tutulan ang resolusyon ng National People's Congress ng China hinggil sa mga mekanismong ipatutupad para "panatilihin" ang pambansang seguridad ng Hong Kong. Sinalubong ng *tear gas* at mga gomang punglo ang mga nagprotesta. Pinalalabas ng China na susupilin ng naturang resolusyon ang mga banta tulad ng separatismo, subersyon, pag-oorganisa at pagsasagawa ng mga teroristang aktibidad at "pakikialam" ng dayuhan at pwersang panlabas sa mga usapin ng Hong Kong. Ang totoo, ang lehitimong paglaban ng mga residente para sa sariling paggugubyerno ang susupilin nito.

## Hirap at dusa, pamana ni Danding

PUMANAW NOONG HUNYO 16 ang panginoong maylupa at kumprador na si Eduardo "Danding" Cojuangco, Jr. Kilala siya bilang pinakamalapit na kroni ng dating diktador na si Ferdinand Marcos, at sa pangungulimbat sa pondong *coco levy* at pangangamkam ng lupa. Kawalan ng lupa at pang-aapi ang pamana niya sa mahihirap na magsasaka at manggagawang bukid.

Sa Negros Occidental, minonopolyo niya ang 11 asyenda na sumasaklaw sa 4,461-hektaryang lupain na kinyang kinamkam mula sa mga magsasaka. Notoryus siya sa pagpanig sa sinumang nasa poder para mapatibay ang kanyang kontrol sa mga asyenda. Siya rin ang utak sa pagpapalayas at pagsasampa ng gawa-gawang mga kaso laban sa mga magsasaka sa nasabing mga asyenda na naggigiit ng kanilang karapatan sa lupa.

Notoryus siya sa pagnakaw sa pondong *coco levy* mula sa mga magniniyog na ginamit niya sa pagbili sa San Miguel Corporation. Hindi pa rin naibabalik sa mga magniniyog ang P105-bilyong pondong kanyang kinamkam. Malawakan niyang pinairal ang kontraktwalisasyon at iba pang porma ng pleksibleng paggawa sa kanyang mga kumpanya.